

Chapter One



Nang maubos ang alak, nagpasya si Herlene na lisanin na ang bar ng *Hotel Marina*, isang five-star hotel. Binuksan niya ang bitbit na pitaka at naglabas ng pera. Sinenyasan niya ang bar attendant na lumapit sa kanya.

Nang makalapit na ito sa puwesto niya ay iniabot niya rito ang bayad. Nakita pa niya ang pag-iling nito bago tumalikod sa kanya. Iniisip siguro nito na lasing na siya.

“You’re not... No... You’re not drunk, Herlene Barcelo...” aniya, sabay dilat ng mga matang namimigat na ang mga talukap. “You’re just... just tipshhhy,” pangungumbinsi pa niya sa sarili. Kailangan niyang gawin iyon dahil naramdaman niyang parang umiikot na ang kanyang paligid.

Nang sinubukan niyang tumayo ay nakaramdam siya ng pagkahilo. Hindi siya tuluyang bumagsak sa sahig dahil nagawa niyang makakapit sa stool na malapit sa kanya. Kumuha siya ng panandaliang suporta roon.

Ikinurap-kurap niya ang kanyang mga mata para mawala ang panlalabo niyon.

Whew! Blame it on the alcohol.

Napahawak si Herlene sa kanyang sentido. Hindi niya akalaing ganoon ang epekto ng alcohol sa kanya. Sabagay, isang taon na rin ang nakakaraan mula nang

huling uminom siya. Umiinom lang siya kapag may mga importanteng okasyon gaya na lang nang makakuha siya ng big break bilang modelo noong nagdaang taon.

Oo! Isang taon na mula nang makilala ang pangalan niya sa mundo ng pagmomodelo. She nailed the *Model of the Year* award on her first fashion show.

Napangiti nang mapakla ang dalaga nang maisip kung ano ang estado niya sa mga oras na iyon. Ngayon ay isa lamang siyang bigong babae na handang gawin ang lahat maibalik lang sa kanya ang taong mahal.

Mariing ipinikit ni Herlene ang mga mata para kahit papaano ay mabawasan ang pagkahilo niya. Subalit hindi nakatulong ang ginawa niya dahil nagbigay-daan lang iyon na manumbalik ang alaala ng nangyari nang nagdaang gabi...

“Napakagaling mo, Herlene!”

Isang tipid na ngiti ang isinukli niya kay Marion, personal assistant at manager niya ito.

“At hindi pa man natatapos ang show ay nabenta na ang gown na suot mo,” masayang pagbabalita pa nito sa kanya.

“Ginawa ko lang ang dapat kong gawin.”

“As always, hindi ka pa rin nagbabago. Huwag mong kalimutan ang dinner sa steak house..”

“Susubukan ko.”

Napailing na lang ito sa isinagot niya. Kabisado na siya nito. Mabibilang lang ang mga beses na sumama siya sa after party ng mga shows nila dahil mas pinipili niyang mag-celebrate kasama ang boyfriend niya.

Speaking of her boyfriend, naghihintay na siguro ito sa kanya. Sumenyas lang siya kay Marion na pupunta muna siya sa dressing room. Nang tumalikod na rin ito ay nagpatuloy na si Herlene sa pagbaybay sa pasilyo papunta sa dressing room. Akmang liliko na sana siya sa dulo ng hallway nang makarinig siya ng pamilyar na boses. Maingat na umatras siya para magkubli at makinig sa mga taong nag-uusap.

“Tarra, stop that! Baka may makakita.”

Hindi siya maaaring magkamali, it was Drei! Sa tatlong taon na magnobyong sila ay kabisado na niya ang lahat tungkol dito, kaya kahit sa boses lang nito ang marinig niya ay makikilala na niya ang lalaki.

“Tarra, katatapos lang ng show. Malamang ay papunta na si Herlene dito,” saway pa ni Drei.

Tarra? Tarra Gomez, her co-model? Bago pa niya matapos analisahin ang nangyayari sa pagitan ng kapwa modelo at ng nobyo ay nagsalita si Tarra.

“Don’t be a hypocrite, Drei. I can give you what Herlene can’t,” mapang-akit ang boses na turan nito.

“Please stop.” Mababakas sa boses ng lalaki ang pagsuko.

“You and I will be together soon and your dumb girlfriend will never know about us.” Binuntutan pa iyon ng babae ng naaaliw na tawa.

Nang lumabas na si Herlene sa pinagkukublihan, imbis na ang mga taksil ang magulat ay siya ang nagulat sa nakita. Sa labas ng dressing room ay nagsasalalo sa isang maalab na halik sina Drei at Tarra.

Parang sirang plaka na nagpabalik-balik sa isipan niya ang tawa ng Tarra na iyon. Napailing siya. Nang muli niyang buksan ang mga mata ay kusa nang dumaloy ang pinipigilang luha.

Pagtatawanan siguro siya ng mga magulang kung makarating sa mga ito ang ginawang panloloko ni Drei. Her father, Henry Barcelo, a respected businessman who married her mother, an American flight attendant, was very clear of his opposition with Drei being her boyfriend. Hindi isang medical representative ang pinangarap ng kanyang ama na maging nobyo niya. Hindi siya nakinig dito dahil naniniwala siyang hindi masusukat ng anumang propesyon o katayuan sa buhay ang pagmamahal ng isang tao. Pinili niyang ipaglaban ang pagmamahal kay Drei and she ended up being cheated by him.

Kung ang ibang babae na nasasaktan ay basta na lang sumusuko, siya ay hindi. Ipinaglaban niya si Drei sa mga magulang niya, kaya dapat ipaglaban pa rin niya ito ngayong may gustong sumira sa relasyon nila.

Kung inaakala ng Tarra na iyon na isusuko lang niya nang basta-basta ang nobyo ay nagkakamali ito. Hindi hahayaan ni Herlene na mabale-wala ang tatlong taon na ipinuhunan nila ni Drei sa kanilang relasyon.

Kaya kahit nginangatngat pa ng galit ang sarili sa ginawa ng taksil na katipan ay hindi niya binigyan ang sarili ng oras na pawiin muna ang sakit at magmukmok sa kanyang silid. Kaagad na nag-isip siya ng plano. Mabuti na lang at nabanggit sa kanya ni Drei ang schedule nito

this month bago pa niya ito nahuli sa akto, kaya alam niya kung saan hahanapin ang lalaki sa gabing iyon.

Gamit ang likod ng palad ay pinunasan ni Herlene ang kanyang luha. Hinamig niya ang sarili.

She decided on seducing Drei tonight.

“Are you okay, Ma’am?” nag-aalalang tanong ng isa sa mga staff ng hotel nang muntikan na naman siyang madapa habang patungo siya sa elevator. Nakasunod ito sa kanya hanggang sa pinto ng lift. “May kasama po kayo?” magalang na tanong nito.

“Wala pero kaya ko naman ang sarili ko.”

Kahit lasing ay hindi nakatakas kay Herlene ang tila hindi kumbinsido na expression ng mukha ng hotel staff.

“Kung gusto n’yo po, I can assist you to your room,” nag-aalangang offer nito sa kanya.

Itinaas niya ang isang kamay. “I am okay. I can manage.”

Nang bumukas ang pinto ng elevator ay kaagad na sumakay roon ang dalaga para makaiwas sa staff ng hotel. Isinandal niya ang katawan sa isang sulok ng lift. Sa apat na sulok niyon ay may nakakabit na mga salamin. Pinagmasdan niya ang kanyang repleksyon. Isang black dress with plunging neckline and off-shoulder sleeve ang suot niya. Tinernuhan niya iyon ng black velvet stilettos. Namumungay ang mga mata niya at mamula-mula ang mga pisngi. Light blush-on lang ang inilagay niya, pero dahil nakainom siya ay parang natural na namula ang kanyang mga pisngi. Binasa niya ang mga labi na nilagyan niya ng pulang lipstick. Nakalugay ang lampas-

balikat niyang buhok. That was the best look that she could come up with para ma-seduce ang kanyang nobyo.

Nakarating siya sa fifth floor nang walang aberya. Nang bumukas ang pinto ng elevator ay nakaramdam na naman siya ng pagkahilo.

You are almost there, Herlene. Ilang hakbang na lang at isang liko sa kaliwa ay mararating mo na ang silid ni Drei.

Inayos niya ang kanyang tindig. Nagawa niyang marating ang inookupang silid ng nobyo. Kumatok siya at nang walang nagbukas ng pinto ay sinubukan niyang pihitin ang doorknob. Laking tuwa niya nang bumukas iyon. Umandar ang habit ng kasintahan na hindi mag-lock ng pinto.

Nang makapasok na sa kuwarto ay ini-lock na ni Herlene ang pinto. Hindi naka-on ang ilaw at tanging ang sinag ng buwan na pumapasok sa bintana ng silid ang nagbibigay ng kaunting liwanag sa kadiliman doon.

Naabutan niya si Drei na nakaharap sa bintana ng kuwarto at tila may kung anong tinatanaw. Mukhang nawiwili ito sa tinitingnan dahil hindi man lang nito napansin ang presensya niya. Ang malapad na likod lang nito ang makikita mula sa kinatatayuan ni Herlene.

Nang pumihit ito ay wala siyang sinayang na sandali. Ikinawit niya ang kamay sa leeg nito at walang sabi-sabing hinalikan ito sa labi. Naramdaman niya ang pagkabigla ng lalaki nang hindi ito tumugon sa halik niya. Pinagbuti pa niya ang ginagawa, pero parang tuod lang ang kanyang hinahalikan. Kung may kakaiba man sa mga

labing hinahalikan ni Herlene ay hindi na niya napansin dahil nakatuon lang ang atensyon niya sa pangse-seduca dito.

Kusang naging abala ang mga kamay niya sa pagkalas ng natitirang mga butones ng nakabukas na polo ng binata habang abala pa rin siya sa paghalik sa mga labi nito, pero hindi ito gumanti sa mga halik niya.

Tinapos niya ang halik. Siya na mismo ang lumayo rito.

“I’m sorry... Hindi ko lang kaya na mawala ka. Please... please... huwag mo akong iwan.” Hindi siya makatingin kay Drei. Kahit na nakainom siya ay tinablan pa rin siya ng hiya.

Napaluhod na siya sa harapan nito. Dapat ay galit siya rito pero heto at siya pa ang nakikiusap na huwag siyang iwan nito.

Pinigilan niya ang sarili na muling mapaiyak. “Umabot ako sa ganito kababa dahil mahal kita.”

Nang wala pa ring naging tugon ang kaharap ay ginamit niya ang natitirang respeto sa sarili para makatayo. Nagpasya na siyang lisanin ang kuwarto.

Akmang tatalikod na si Herlene nang pigilan siya nito. Bago pa may lumabas na salita mula sa kanyang bibig ay nakapalibot na ang matipunong mga braso ng lalaki sa kanyang baywang. Hindi niya gaanong maaninag ang mukha ng nobyo pero malinaw sa kanya ang dahan-dahang pagbaba ng mukha nito sa mukha niya. Naramdaman na lang niya ang mga labi nitong nakadikit na sa kanyang bibig.

The kiss he gave her was passionate and gentle at the same time na para bang gustong pawiin ng halik na iyon ang sakit na naramdaman niya kanina nang hindi nito tinugon ang kanyang halik. Nang magsawa sa kanyang mga labi ay bumaba ang bibig nito sa kanyang leeg. Her body responded to the tingling sensation as his mouth brushed her neck.

Di mabilang sa alaala ng dalaga ang halik na pinagsaluhan nila ng nobyo at sigurado siyang kakaiba ang paraan ng paghalik nito pati ang mga haplos nito sa kanya. Iyon ang unang pagkakataon na umabot sila sa ganoon ka-intimate ng katipan.

He pinned her to the wall holding her hand on the side while pressing his strong body against her. Ang bawat parte ng katawan niya ay nakadikit sa katawan ng binata. She could clearly feel his maleness—strong and aroused. Nagdala iyon ng kakaibang init sa kanyang pagkatao. Ang pagkakadikit ng mga katawan nila ay parang apoy na dahan-dahang tinutupok ang natitirang katinuan niya.

Ang sunod na pinagkaabalahan niya ay ang butones ng pantalon nito.

Damn! Why did designers put buttons on pants? naiinip na naisip niya nang nahirapan siyang kalasin ang butones ng pantalon ng kaharap.

Isang nakakalokong tawa ang pinakawalan ng binata. At para iyong musika sa pandinig niya.

“You’re impatient, my dear.” Malalim ang boses nito at bago iyon kay Herlene. Napansin siguro nito ang pagkainip niya dahil ito na mismo ang nagbaklas ng

butones nito.

Tumambad sa kanya ang kabuuan ng lalaki. Bago pa niya ito nahawakan ay napigil nito ang kamay niya. Para siyang bata na pinagkaitan ng candy.

“Let me do the honor of loving you, lady,” bulong nito malapit sa kanyang tainga. Para iyong isang pangako ng isang magandang gabi para sa kanilang dalawa.

Tinupad ng nobyo ang pangako. Wala itong iniwang parte ng katawan niya na hindi nahahawakan at nahahalikan. Parang apoy ang mga kamay nito na kayang pag-initin ang kanyang katawan.

Kusang sinabayan ng mga kamay niya ang ekspertong mga kamay nito. It was her first time but the alcohol that she took made her feel like a nympho.

Dahil na rin sa nakainom si Herlene, ang mga importanteng detalye lang na nangyari sa gabing iyon ang malinaw sa kanya. At kasama sa iilang detalye na naalala niya ay ang maingat na pag-angkin sa kanya ng kaniig, ang sakit na kinalaunan ay napalitan ng sarap na dala ng pagkakaloob niya ng sarili sa taong mahal niya, at ang mga pang-aalo ng binata sa kanya.

“You’re mine...” Iyon ang huling mga salitang narinig niya mula sa kaniig bago nahimbing.

Nang magising kinabukasan si Herlene ay nasa kama siya at nakayakap pa rin sa kanya ang matipunong braso na nang nakaraang gabi lang ay maingat na umalalay sa kanya.

Nakapikit pa rin ang mga mata niya. Pinakiramdaman niya ang sarili. She felt sore down there, pero siguradong

mawawala rin iyon. Ang mahalaga ay naisakatuparan na niya ang plano. Hindi siya ang tipong ipagkakaloob nang basta-basta ang sarili, pero iyon na lang ang huling paraan na naisip niya para mapabalik sa kanya ang nobyo. At kung pagbabasehan ang mga naalala niya sa nangyari nang nakalipas na gabi ay masasabing nakuha na niya ulit nang buo si Drei.

Kumilos siya para yumakap dito. Inihanda rin ni Herlene ang matamis na ngiti sa kanyang mga labi para lang magulat nang matantong ang nakangiting guwapong mukha na nakatanghod sa kanya ay...

Hindi si Drei!

